Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
SCHOOLS DIVISION OF BATANGAS

Advisory No. 211, s. 2026
September 24, 2026
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

## PRESENTATION OF THE STAGEPLAY "AWIT NG BUHAY"

With reference to the letter from DIR. NOEMI MOPIA-VISTAN, Director, KKP, regarding the presentation of its stage play entitled "Awit ng Buhay".

The activity aims to promote learners' appreciation of Filipino literature, culture, and the performing arts, enhance their understanding of related academic and cultural fields, and provide opportunities for learners and teachers to develop their appreciation and skills in theater and performing arts.

Kindly refer to the attached letter for more details regarding the activity.

Furthermore, those interested in participating are reminded of the following conditions:

a. The Schools Division Office shall be informed, in writing, of the school's participation in the said activity;

b. Participation shall be strictly voluntary and shall not be made compulsory for any learner, teacher, or school;

c. Any expenses to be incurred shall be shouldered personally by the participants or sourced from a legitimate local government unit (LGU), donor, or other lawful funding source, subject to existing DepEd policies; and

d. Strictly comply with the instructional block provisions stipulated in DepEd Order No. 009, s. 2026, titled *Guidelines on the Implementation of the Three-Term School Calendar in Basic Education*, and DepEd Order No. 009, s. 2005, titled *Instituting Measures on Increase Engaged Time-on-Task.*

For information of all concerned.

ABCJr./PRESENTATION OF THE STAGEPLAY "AWIT NG BUHAY"/R2-155848/9-24-2026

**Address:** Provincial Sports Complex, Bolbok, 4200 Batangas City
**Telephone**:(043)722-1840 / 722-1796
**Email Address:** deped.batangas@deped.gov.ph
**Website:**www.depedbatangas.com

KALINANGANG KAYUMANGGI

PRODUCTIONS

# *Kalinangang Kayumanggi Productions* (KKP)

**DR. MARITES A. IBAÑEZ, CESO V**
Schools Division Superintendent
Schools Division Office of Batangas Province

Ma'am:

Pagbati mula sa puso ng Entablado!

Sa Ika - labing isang pagkakataon, ang **Kalinangang Kayumanggi Productions (KKP)** po ay buong pusong nagpapakumbabang humihingi ng inyong pahintulot na makapagpalabas ng aming Stageplay sa Lalawigan ng Batangas para sa dulang ***"Awit ng Buhay"***. Ang dulang may kinalaman sa Literatura at magsisilbing salamin ng kulturang Pilipino. Ito po ay magmumulat at magpapalalim ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga suliraning panlipunan at maging sa iba't-ibang larangan tulad ng **Relihiyon, Humanidades, Pilosopiya, Literatura, Edukasyon, Panitikan, Araling Panlipunan, Filipino, Sosyolohiya at Sikolohiya**.

Ang aming dula ay nababagay sa Elementarya, Junior at Senior High School. At higit sa lahat, ang pangunahing aktor ng aming stageplay ay isang guro sa **Bayan ng Nasugbu, Batangas**, si **Ginoong. Cresencio Apdon** at **Ginang. Sharon R. Loyola** mula sa **Dr. Crisogono B. Ermita Sr. Memorial National High School.**

Sa kabuuan, ang Produksyon po ay patungo sa landas ng paghahandog ng mga panooring magtataas sa panlasa at hahamon sa isipan ng bawat manonood upang mapalapit sa kanilang puso at isipan ang **Sining ng Dulaan**. Sa huli, ang Produksyon po ay maaaring magbigay ng Training/Seminar Workshop sa Division para sa mga guro sa larangan ng pag-arte, pagkanta, at pagsayaw sa Teatro.

Kami po ay umaasa na inyong mapahihintulutan.

Lubos na gumagalang,


**DIR. NOEMI MOPIA-VISTAN**
Manunulat at Direktor, KKP
e-Mail: noemivistan1972@gmail.com
Contact# (0998) 868-1207

KALINANGANG KAYUMANGGI PRODUCTIONS

# Kalinangang Kayumanggi Productions

## PAGSASANAY/PANUKALANG GAWAIN

**Pamagat:** Panonood ng dulang "*Awit ng Buhay*" *(A musical trilogy stageplay)*

**Panukalang Petsa:** Enero o Pebrero 2027 **Durasyon: 1.5 hour**

### Mga Inaasahang Kalahok

Mga mag-aaral ng Elementarya, Junior High School at Senior High School mula sa mga pribado at pampublikong paaralan sa Lalawigan ng Batangas.

**Rasyonale:** Ang magtanghal ng mga orihinal at ibinatay na mga dula na magsisilbing salamin ng kulturang Pilipino. Maiugnay ang nasabing dula sa mga kompetensi at mga kasanayang pampagkatuto sa bawat domain ng asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, ESP at MAPEH mula sa 'MATATAG Curriculum' ng DepEd.

### Terminal

Sa pagtatapos ng gawain o pagsasanay na ito, ang mga kalahok ay magagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal, at strategic sa pagsulat at pagsasalaysay ng napanood, at mailalahad ang sariling saloobin at damdamin sa mapapanood na dula.

### DepEd Memo

DepEd Order No. 9, s. 2005 titled Instituting Measures to Increase Engaged Time-On-Task and ensuring Compliance therewith and the policy on-off campus activities stated in DepEd order No. 66, s. 2017.

### Management Team

| | |
|---|---|
| **Over-all Program** | Kalinangang Kayumanggi Productions |
| **Training Manager** | Director Noemi Mopia-Vistan |
| **Asst. Training Manager** | Director Chris Apdon |
| **IT Officer** | Edwin Vistan, (Editor/IT) |
| **Logistics Officer** | Director Noemi Mopia-Vistan |
| **Registration** | KKP Staff |
| **Lights & Sounds** | MPRO Audiotech |

## Synopsis

# *"Awit ng Buhay"* (A Musical Trilogy Stageplay)

---

Sinasabing ang ***Musika*** ay nakapagpapagaling ng ating mga sugatang puso. Ang kasabihang ito ay totoo. Mula sa ating pagkabata, ang ***Musika*** ang nakapagbibigay kahulugan at nakakaunawa sa ating masalimuot na mga damdamin, nagpapasaya sa tuwing tayo'y nalulungkot, nakikiindak sa tuwing tayo'y masaya at nakikiluha sa tuwing tayo'y nasasaktan.

Ang bawat nilalang ay may kanya-kanyang ***"Awit ng Buhay"***.

Ang ***Awit*** ay katulad ng buhay, may simula at may katapusan.

Ang ***Buhay*** ay parang awit, may melodiya at may harmoniya,

at binubuo ng maraming paggalaw na may layuning magpakita ng damdamin ng ibig sabihin.

***~~~Life is a song. Love is the music. ~~~***

Sa kalawakan, may isang napakagandang Paraiso. Dito namumuhay sina Amang Bathala, Inang Reyna at ang kanilang nag-iisang anak na si Diwata Sinaya. Isang batang diwata na nagnanais na mabasa ang kanyang iniisip. Hiling na malaman ang kwento ng buhay ng mga tao.

At sa pamamagitan ng mahiwagang aklat, matutupad ang kanyang hiling. Sina Amang Bathala, Inang Reyna at Diwata Sinaya ang magsisilbing ***'narrator'*** o tagapagsalaysay ng dulang *"Awit ng Buhay"*.

# (1st Story) "Awit ng Buhay ni Nanay Celia" (Drama)

Bata pa lamang ang mga anak ni Nanay Celia nang mamatay ang kanyang asawa dahil sa sakit na tuberculosis. Hindi naging hadlang ang kahirapan upang maitaguyod niya ang kanyang dalawang anak na sina Rebecca at Roel. Naging tindera ng prutas at gulay si Nanay Celia sa palengke. Pinangako ni Nanay Celia sa sarili na kakayanin at bibigyan niya ng magandang buhay at mapagtatapos ng pag-aaral ang mga anak. At dumating nga ang panahon na napagtapos niya ng pag-aaral ang mga ito. May mga magagandang trabaho at may maayos na buhay.

At ngayon nga'y 65 na taong gulang na si Nanay Celia, matanda na at nag-iisa pa. Naghihintay sa pagdating ng mga anak o tawag man lang sa telepono ngunit bigo ang matanda dahil magdadalawang-taon ng di-umuuwi sina Rebecca at Roel. Si Rebecca ay may asawa't anak na at naninirahan na sa Maynila. Samantalang si Roel ay isang sikat na ***Tiktokerist*** na naninirahan na rin sa Maynila. Araw-araw naghihintay ang matanda at nangungulila sa mga anak. Isang araw ay may dumating na bisita si Nanay Celia, si Melinda, isang Social Worker. Lingid sa kaalaman ni Nanay Celia na ipapadala na pala siya ng kanyang mga anak sa isang Care Facility. At si Melinda ang Social Worker ng nasabing pasilidad. Kay Melinda naikwento ni Nanay Celia ang lahat ng kanyang saloobin tungkol sa mga anak. Dahil dito, hindi naging madali kay Melinda ang sabihin kay Nanay Celia ang pakay nito. Dahil naawa ito sa matanda kaya ng tumawag si Rebecca upang alamin kung nadala na sa Care Facility si Nanay Celia ay nalungkot nitong ibinalita na hindi niya kayang gawin ang iniuutos ni Rebecca dahil sa kabaitan ni Nanay Celia. Pinaalala niya kay Rebecca ang sakripisyo ng kanyang ina mabigyan lang sila ng magandang buhay. Naulinigan ni Rebecca ang boses ni Nanay Celia na umaawit. Ang kantang inaawit sa kanila noong sila'y bata pa.

"Iingatan ka, aalagaan ka
Sa 'ting mundo'y, may gagabay sa iyo
Sa puso ko ikaw ang pag-asa
Ang alay ko'y itong pagmamahal ko..."

At doon nga naantig ang puso ni Rebecca at napagtanto ang importansiya ng ina. Bumalik sa gunita nina Rebecca at Roel ang sakripisyo ng ina. At sa pagbabagong-buhay, umuwi sila sa probinsya at humingi ng tawad sa ina, dahil walang katumbas ang pagmamahal ng isang ina.

**ARAL:**

Pinagpapala ng Diyos ang mga anak na mapagmahal sa kanilang mga magulang...

## *($2^{nd}$ Story)*

## *"Awit ng Buhay nina Tristan, Daphne, Bianca at Mateo"* (Love Story)

---

Kwento ng magkakaibigang Tristan, Daphne, Bianca at Mateo. Bata pa lang sila ay magkakaibigan na sila hanggang sa sila'y magbinata't dalaga.

Si Tristan ay nahiwalay sa kanila ng sampung taon at nag-aral sa ibang bansa. Muling bumalik sa Pilipinas dahil para sa kanya iba pa rin sa 'pinas. At binalikan niya ang kanyang mga kaibigan lalo na si Bianca dahil bata pa lang sila ay may espesyal na siyang pagtingin rito. Ngunit mapagbiro talaga ang pag-ibig. Dahil sinubok ang samahan ng magkakaibigan.

Umiibig si Tristan kay Bianca, samantalang si Bianca ay nagkakagusto kay Mateo, ngunit si Mateo naman ay nagmamahal kay Daphne. At si Daphne naman, ang **"crush"** ay si Tristan. Isang napakasalimuot na Pag-ibig. Ang bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng sugatang puso. Ngunit hindi sila nagpatalo sa hamon ng Pag-ibig, dahil para sa kanilang apat, hindi dapat masira ang kanilang pagkakaibigan. Sinubok ang kanilang katatagan at napagtanto rin ng bawat isa na unahin muna ang makapagtapos ng pag-aaral at ang Pag-ibig na nasa puso nila ay gawin munang Inspirasyon, hindi kabiguan. Dito aawitin ang "Pakisabi Na Lang" at "Ang Pag-ibig Kong Ito".

**ARAL:**

May tamang oras sa Pag-ibig.

Unahin ang makapagtapos ng pag-aaral para sa magandang kinabukasan...

## (3rd Story) *"Ang Awit ng Buhay ni Michael"* (Comedy)

Ang mag-asawang Betty at Ben Busabos ay may nag-iisang anak na si Michael. Masaya ang pamilya Busabos, makikita ang pagmamahalan ng bawat isa. Katunayan ay sumali sa patimpalak ng "Pinakamahusay na Mang-aawit" si Michael, at suportadong-suportado ito nina Nanay Betty at Tatay Ben. Biniyayaan ng napakagandang boses si Michael. At susubukin ang kanyang talento sa pag-awit kung matatalo niya ang Defending Champion na si Madonna. Si Madonna ay mahusay ring mang-aawit. Naniniwala sina Nanay Betty at Tatay Ben na ang magwawagi ay ang kanilang anak na si Michael, dahil para sa kanila ay tamang ensayo at *'proper vocalization'* ang ginawa ng kanilang anak.

**Sino kaya ang magwawagi,**

**ang Defending Champion na si Madonna from Nasugbu, Batangas,**

**o si Michael from Imus, Cavite?**

Abangan sa araw ng inyong panonood !

Ang mga aawitin sa nasabing Singing Contest:

"Isang Mundo, Isang Awit" at "Kay Ganda Ng Ating Musika".

**ARAL:**

Sa bawat patimpalak o contest na sasalihan, may isang mananalo at may matatalo. Dapat handa ang puso at isipan natin dito. Kung hindi ngayon, may tamang panahon para sainyo.

Be ***Sport***. Be proud, manalo man o matalo...

Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
DIVISION OF BATANGAS
Batangas Provincial Sports Complex, Bolbok, Batangas City

6 February 2018

**MS. NOEMI M. VISTAN**
Writer and Director
Kalinangang Kayumanggi Productions

Dear Ms. Vistan,

Thank you for your proposal to promote "One Wish Stage Play" that complements our various thrusts towards holistic development of the learners in the Schools Division of Batangas.

Please coordinate directly with the School Heads because matters like this are within their authority to handle.

School Heads are aware that the provisions stated on DepEd Order No. 66, s. 2017 (Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities), DepEd Order No. 9, S. 2005 (Time on Task) and DepEd Order No. 41, S. 2012 (No Collection Policy) will be strictly observed.

Very truly yours,

**CARLITO D. ROCAFORT**
Schools Division Superintendent